# ANG PUNONG GURO BILANG ISANG INSPIRASYON AT LIDER

*by:*
**Jacqueline R. Dela Rosa**
*Teacher III, Justice Emilio Angeles Gancayco Memorial High School*

Iba't- ibang papel ang ginagampanan ng mga guro, lalong higit sa pagharap niya sa modernisasyon, at mabilis na pagbabago ng mundo kaalinsunod ang kapaligiran, lipunan, at persepsyon ng mga tao (Trail, 2000). Mahalagang ang isang guro ay magtaglay ng mga kasanayan sa pakikipagkapwa, pakikibagay sa paligid at sitwasyon, at pamumuno. Kanino at saan pa ng aba niya matutunan ang ganitong mga pamamaraan kung hinding may isang mahusay na punong guro na humihimok, tumutulong, at nagsisilbing inspirasyon sa kanya (Rowland, 2008).

Sa kasalukuyan, ang mga punong guro ay dapat na may mga kasanayan sa mas epektibong pamamahala para sa paglinang at pagpapayabong ng paaralan. Sila ngayon ang ahente ng pagbabago. Ang mga punong- guro sa kasalukuyan ay inaasahang mas dinamiko at patuloy sa pagkilos tungo sa kaunlaran. Para sa mga guro sa ilalim ng kanilang pamamahala, sila ang nagsisilbing nakahahawang impluwensiya ng pagbabago at pagiging responsible sa pagtupad ng sinumpaang tungkulin (Stein, 2016).

Ang papel na dapat gampanan ng isang pinuno ng paaralan ay linangin ang kakayahan ng paaralan upang makamit ang mataas na lebel ng pagkilala para sa lahat. Subalit hindi rito natatapos ang kanyang mga gampanin. Siya rin ay nagsisilbing magulang, kapatid, at kaibigan sa mga taong nalulukuban ng kanyang awtoridad sapagkat siya ay isang pinuno at hindi isang amo. Dapat na gampanan niya ang kanyang tungkulin at mamuno ng may puso. Napatunayan ni Griffith (20040 sa kanyang pag-aaral na ang mabuting ugnayan sa pagitan ng guro at mga impleyado't kliyente ng paaralan ay nakatutulong sa pagpapatupad ng kaayusan, pagpapaunlad ng sining ng

pagtuturo at pagkatuto, at napapanatili ang paaralan bilang isang kaaya- ayang lugar para sa lahat.

Inaasahan na ang epektibong punong- guro ay malilinang ang kakayahan ng mga guro upang maging matibay na sandigan para ng edukasyon ng mga mag- aaral. Dapat pagtuunan ng pansin ng guro ang pagpapaunald niya sa sining ng kanyang pagtuturo, masusing paghahanda at pagpaplano ng kanyang mga aralin, at iba pang mga gawain. Sa pagtupad ng kanilang tungkulin, dapat na patuloy na gabayan ng punong guro ang mga guro at bigyan sila ng panahon at pagkakataon upang maisakatuparan ang mga ito.

Ang lahat ng ito ay nakasalalay sa tiwala, integridad, pagtutulungan, at pananagutan sa lahat ng kasangkot sa kultura ng paaralan. Ang punong- guro ay dapat manguna na may puso upang makuha ang tiwala ng kanyang mga nasasakupan. Siya ang magsisilbing lider at inspirasyon ng kanyang pamilya sa paaralan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Griffith, James. "Relation of principal transformational leadership to school staff job satisfaction, staff turnover, and school performance." Journal of Educational Administration (2004).

Rowland, Keith A. "The Relationship of Principal Leadership and Teacher Morale." 2008. Liberty University ProQuest Dissertations Publishing. 22 12 2022.

Stein, Kristy Cooper. "The Interplay between Principal Leadership and Teacher Leader Efficacy." Journal of School Leadership, Vo. 26, Issue 6 (2016).

Trail, Kathleen. "Taking the Lead: The Role of the Principal in School Reform." ERIC (2000).